

Ang Ating mga Sistema ng Tubig at Basurang Tubig – Pagbuo ng Balangkas para sa Buhay



Ang Kagawaran ng mga Pampublikong Utilidad ng San Diego ay responsable para pagkaloob ng ligtas na iniinom na tubig 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo, 365 araw sa isang taon.

Ang pagkaloob ng ligtas at maaasahang iniinom na tubig ay nangangailangan ng pagtiyak na ang mga planta ng paggamot ng tubig ay wastong gumaganap, ang mga linya ng tubo at mga istasyong bombahan ay maayos na tumatakbo, at ang mga pang-emerhensiyang pagkukumpuni ay agad na ginagawa.




Walumpu't-limang porsiyento ng tubig na ginagamit ng mga residente ng San Diego at mga negosyo ay pumupunta sa lunsod sa pamamagitan ng isang malaki, masalimuot na sistema ng mga linya ng tubo na nagkokonekta sa atin sa timog California at sa Colorado River. Ang ating kainggit-inggit na

kalidad ng buhay at ekonomiya ay umaasa sa panustos na ito ng “inangat na tubig.” Pero may gastos sa pagdadala nitong mahalagang tagapagdulot sa San Diego mula sa daan-daang milya ang layo – at ang mga gastos na ito ay nagdoble mula noong 2008 at inaasahan na patuloy na tataas sa mga darating na taon.

Ang pakyawang tagatustos ng tubig ng Lunsod, ang Awtoridad ng Tubig ng County ng San Diego, ay nagtaas sa halaga ng tubig na ibinebenta nito sa Lunsod bawat taon – pero ang Kagawaran ng mga Pampublikong Utilidad ay masipag na nagtrabaho upang saluhin ang mga pagtaas noong 2012 at sa 2013 sa halip na itaas ang mga presyo ng tubig para sa mga parokyano nito. Sa kasamaang-palad hindi maipagpapatuloy ng Kagawaran ang gawaing ito. Ang Kagawaran ay gumawa ng iba't ibang hakbang upang bawasan ang mga gastos sa pagpapatakbo at maging mas episyente, binigyan ng kakayahan ang Lunsod na itigil ang mga pagtaas ng presyo ng Awtoridad ng Tubig para sa nakalipas na dalawang taon. Bilang karagdagan, ang Lunsod ay namuhunan nang malaki sa impra-istruktura nito ng iniinom na tubig at pinalitan ang mga lumang linya ng tubo sa sistema, pero hindi na natin magagawa ito at saluhin ang tinaasang halaga ng tubig mula sa ating pakyawang tagatustos nang hindi nagdaragdag ng mga kita sa presyo.

Upang patuloy magkaloob ng ligtas na iniinom na tubig sa mga residente at negosyo sa San Diego at panatilihin ang pinansiyal na lakas ng utilidad ng tubig ng Lunsod, ang mga presyo ng tubig ay dapat makasabay sa tumataas na mga halaga ng panustos na tubig. Ang Lunsod ng San Diego ay nagmumungkahing itaas ang mga kita sa presyo ng tubig ng 7.25% sa Enero 1, 2014, at 75% sa Enero 1, 2014, at 7.5% sa Enero 1, 2015.

Kasama sa ibang mga bagay, ang pagsalo sa lahat ng pagtaas sa presyo ng Awtoridad ng Tubig ay nagbawas sa proporsiyon ng pagsakop ng lunsod sa serbisyo sa utang sa malapit sa pinakamataas na mga antas. Ang pagsakop sa serbisyo sa utang ay katulad ng marka ng kredito ng isang indibidwal. Ang Lunsod, tulad ng sinumang indibidwal o may-ari ng negosyo na nais humiram ng pera para sa isang mahalagang layunin, ay dapat magpakita na ito ay may kakayahang bayaran ang perang hiniram nito upang gawin ang mga proyekto na nagpapanatili sa tubig na dumadaloy mula sa mga planta ng paggamot hanggang sa mga gripo.



Proporsiyon ng Pagsakop sa Serbisyo sa Utang at Bakit Mahalaga Ito

Ang proporsiyon ng pagsakop sa serbisyo sa utang ay ang halaga ng taunang kita na makukuha upang gamitin para bayaran ang interes, prinsipal o mga bayad sa pag-upa. Kapag ang isang indibidwal o may-ari ng negosyo ay kailangang humiram ng pera mula sa bangko o ibang tagapagpautang, kailangang ipakita ng indibidwal o may-aring iyon na siya ay may sapat na pinansiyal na kapasidad – taunang kita – upang bayaran ang utang at kaugnay na interes sa utang. Ang Lunsod ay kailangang tumakbo sa kaparehong paraan kapag ito ay nag-isyu ng mga bono upang pahasayin at panatilihin ang sistema nito ng paggamot at paghahatid ng tubig: kailangan nitong ipakita sa mga ahensiya ng nagmamarka sa bono na ito ay may sapat na kita upang bayaran, o “masakop,” ang interes sa utang na matatamo nito kapag inisyu ang mga bonong ito. Kaya mas mataas ang proporsiyon ng pagsakop sa serbisyo sa utang, mas mababa ang interes sa bono – at ang mas mababang mga antas ng interes ay nakakatulong na panatilihin ang mga antas ng tubig na mas abot-kaya para sa lahat ng mga parokyano.

Para sa susunod na dalawang taon, ang Lunsod ay naghahangad na bayaran ang kapital na mga proyektong konstruksiyon sa isang “magbayad habang sumusulong” na paraan gamit ang nakahandang pera at mga reserba. Ang pagbabayad para sa mga pagkukumpuni at ibang mas maliit na mga proyekto sa pamamagitan ng mga nakabadyet na kita ay magpapahintulot na mapanatili ang sistema.

Mga Tauhan
\$46,328,993



Di para sa mga
Tauhan na Gastos
\$50,356,598

Mga Kontrata
\$40,535,932



Utang
\$67,211,200

Mga Pagbili ng Tubig
\$209,074,594



Mga Proyektong
Kapital na
Pagbuuti
\$49,836,598

Pensiyon at OPEB*
\$20,773,464

Kabuuan ng Lahat na \$484,117,379

* Ibang mga benepisyo pagkatapos ng pagtatrabaho


Ano ang ginagawa ng Lunsod upang mapanatili ng mga pagtaas ng presyo na mababa hanggang posible?

Ang Lunsod ay nagkamit na ng marami sa paggawa sa mga pagpapatakbong na mas episyente. Halimbawa, ang bilang ng buong-panahong mga empleyado sa Kagawaran ng mga Pampublikong Utilidad ay nabawasan nang malaki nang hindi nakakaapekto sa kalidad ng serbisyo. Ang natitirang utang ay binawasan din ng Lunsod at ang Lunsod ay patuloy na hihingi ng mas mababang interes na mga utang. Ang inaasahang matitipid mula sa mababang interes na mga utang ay \$148 milyon.

Ano ang magagawa ko upang ibaba ang aking bill sa tubig?

Maaari ninyong gamitin ang tubig nang mas episyente, kumpunihin ang mga tulo at tiyakin na kayo ay may pinakamabisang gamit sa instalasyon ng mga tubo tulad ng mga palikuran, mga makinang panlaba, mga panghugas ng plato at mga ulo ng dutsa. Upang kilalanin ang mga parokyanong gumagamit ng tubig nang episyente, ang istruktura ng presyo ng tubig ng Lunsod ay babaguhin mula sa tatlong-baitang na istruktura patungo sa isang apat-na-baitang na istruktura. **Narito ang iminumungkahing mga baitang:**

SFR NA BUWANANG ISTRUKTURA NG PRESYO NG BAITANG (HCF)



EPEKTO SA BILL NG PANG-ISANG PAMILYANG TIRAHAN

Buwanang Paggamit ng Pang-isang Pamilyang Tirahan	Mga Buwanang Bill – Mga Iminumungkahing Presyo		
	Kasalukuyan	CY 2014	CY 2015
	(\$)	(\$)	(\$)
4 hcf	33.77	33.45	35.95
7 hcf	44.60	45.69	49.09
12 hcf	64.20	66.09	70.99
25 hcf	120.44	158.34	170.15

Para sa mga karagdagang tagatulong mangyaring bisitahin ang:
<http://www.sandiego.gov/water/conservation/>

Magbabago ba ang aking bill sa tubig?

Ang Kagawaran ng mga Pampublikong Utilidad ay makakakita ng pangkalahatang pagtaas sa kita na 7.25%. Ang halagang makikita ng isang indibidwal na parokyanong gumagamit ng kaunti lamang na tubig ay maaaring makakita ng pagbawas sa kanilang bill, partikular sa mga metro. At dahil ang mga singil sa metro ay iminumungkahing bawasan simula sa 2014, ang isang malaking bahagi ng mga parokyanong gumagamit ng tubig ay aktuwal na makakakita ng pagbawas sa kanilang mga presyo kahit na ang Kagawaran ay nagrerekomenda ng pagtaas para sa bahagi ng commodity ng bill, o sa dami ng tubig na ginamit ng parokyanong gumagamit.

Sukat ng Metro	Singil sa Metro	
	Mga Kasalukuyang Presyo (\$/buwanan)	Inirerekomenda (\$/buwanan)
5/8", 3/4"	19.33	18.89
1"	28.46	25.59
1.5"	49.34	40.89
2"	75.44	60.03
3"	136.74	104.98
4"	224.15	169.07
6"	440.73	327.86
8"	701.64	519.16
10"	1,006.94	742.99
12"	1,875.82	1,380.05
16"	3,267.86	2,400.67